
01

# PAGSISIMULA NG IYONG BUHAY

## SA PANALANGIN



Ang PANALANGIN ay pakikipag-usap sa Diyos. Ang bawat Kristiyano ay may pribilehiyong makipag-usap nang tuluy-tuloy sa Diyos. Kung nais nating magkaroon ng isang lubos at ganap na buhay Kristiyano, kailang nating matutunan ang makipag-usap sa Diyos. Sa panalangin makakamtan nating lahat ang kayamanan ng Diyos na kay Hesu-Kristo.



Anumang maayos na samahan ay nangangailangan ng komunikasyon. Kung ating babasahin ang Bibliya, ang kahalagahan ng Komunikasyon ay makikita natin maging sa buhay ng mga taong may malapit na kaugnayan sa Diyos. Kung pinagwawalang bahala nila ng Kanyang Salita, kung anu-anong problemang espirituwal ang gumugulo sa kanilang buhay. Subalit kapag madalas silang making at sumusunod sa Kanyang kalooban, magiging maayos, kalugod-lugod at nagbibigay luwalhati sa Diyos ang kanil-ang buhay.

Maaaring ganito rin ang mangyayari sa ating kaugnayan sa Diyos. Magiging kasiya-siya ang ating kaugnayan sa Kanya kung matututo tayong makipag-usap sa Kanya sa pananalangin at makinig sa pagbasa ng Bibliya. Sa ganitong paraan, tayo ay lalago at magkakaroon nang makahulugan at kasiya-siyang buhay kristiyano.

Ang PANALANGIN ay napakahalaga sa buhay ni Kristo Ang Kanyang hangarin ay ang makasama ang Kanyang Ama at malaman ang Kanyang kalooban. Si Kristo ay isang karapat-dapat na halimbawa sa pamumuhay Kristiyano dahil sa Kanyang madalas na pakikipag-usap sa Diyos at pagsunod ng buo sa kalooban. Kinakailangan nating matutong makipag-usap sa Diyos.

Kung nais nating maging katulad ni Kristo, ang sumusunod na mga sangkap ay kinakailangang bahagi ng pananalangin:

1. PAGSAMBA AT PAGPUPURI SA DIYOS
2. PASASALAMAT SA DIYOS
3. PAGPAPAHAYAG NG KASALANAN
4. MGA KAHILINGAN

# PAGSAMBA AT PAGPUPURI SA DIYOS

1. Sinasabihan tayo sa **Awit 95:6** na

2. Ayon sa **Awit 95:7**, bakit kailangang sambahin natin ang Diyos? (Ano ang kaugnayan natin sa Kanya?

3. Ayon sa **Awit 135:3**, bakit marapat na papurihan natin ang Diyos?

4. Basahin ang **1 Cronica 29:11-12**. Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa katangian ng Diyos?

**Karapat-dapat nating sambahin at papurihan ang Diyos. Bilang mga anak Niya purihin natin ang Kanyang pag-ibig, kahabagan, pagtitiis, kabanalan at kapangyarihan.**

Ilang sandaling sambahin at papurihan ang Diyos ngayon. Sabi-hin mo sa Kanya gaano at bakit mo Siya kinalulugdan. Muling basahin ang **I Cronica 29:11-12** at purihin Siya sa mga katangiang nabanggit. Kung may kasabay ka sa pag-aaral ng libretong ito, magkasama kayong manalangin. Salitan kayong malakas na magpuri sa Diyos.

# MAGPASALAMAT SA DIYOS SA LAHAT NG BAGAY

1. Basahin ang **Awit 106:1**. Ayon sa talatang ito, bukod sa pagpupuri sa Diyos, ano ang dapat nating gawin?

2. Basahin ang **1 Tesalonica 5:18**. Ayon sa talatang ito, ano ang mga bagay na dapat nating ipagpasalamat sa Diyos?


3. Basahin ang **Roma 10:28**. Ayon sa talatang ito, ano ang dahilan at maaari nating ipagpasalamat sa Diyos ang lahat ng bagay?

Sandaling isipin angmga mabubuting bagay na ginawa ng Diyos sa iyong buhay na nais mong ipagpasalamat sa Kanya.

Isulat sa nakalaang puwang.

Ngayon naman, isulat ang mga masasamang karanasan at mga kahirapan sa iyong buhay na hindi mo pa naipagpapasalamat sa Diyos.

Ngayon pasalamatan mo ang Diyos sa mga bagay na ito.



# AMININ O IPAHAYAG ANG IYONG MGA KASALANAN

1. Ayon sa **Awit 66:18**, ano ang nangyayari kung tayo'y nananalangin subali't may mga kasalanan tayong hindi ipinapahayag?

2. Ayon sa **1 Juan 1:9,** ano ang sinasabi ng Diyos na Kanyang gagawin kung ating ipapahayag ang ating mga kasalanan?

Mayroon bang isa o mga bagay sa iyong buhay na hindi kalugu-lugod sa Diyos. Kung gayon, aminin o ipahayag ang iyong mga kasalanan sa Diyos.


a. **SUMANG-AYON** sa Diyos na ang ipinakita Niya sa iyo na kasalanan ay kasalanan nga.

b. **PASALAMATAN** ang Diyos sa Kanyang kapatawaran dahil sa kamatayan ni Kristo sa krus.

c. **MAGSISI** o magbalik-look ka at baguhin ang di kaaya-aya o di kalu-gud-lugod sa pag-iisip at pagkilos.

Sandaling tumahimik at hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang anumang bagay sa iyong buhay na hindi kalugud-lugod sa Kanya. Isulat ang mga ito sa isang papel. Isagawa ang tatlong hakbang na nakasulat sa itaas tungkol sa pagpapahayag ng kasalanan sa Diyos.

Pagkatapos isulat sa ibabaw ng iyong listahan ang pangako sa **I Juan 1:9**. Tanggapin mo na ikaw nga ay napatawad na ng Diyos. Sirain at itapon ang iyong listahan pagkatapos.



# MGA KAHILINGAN

# MGA KAHILINGAN

1. Ayon sa **Santiago 4:2b** bakit hindi nakakamtan ang mga minimithi ng ibang Kristiyano?

2. Ayon sa **Mateo 7:7**, ano ang sinasabi ni Hesus na mangyayari kung hihingin natin sa Diyos ang ating mga pangangailangan?

3. Ayon sa **1 Timoteo 2:1**, para kanino ang ating mga panalangin na dapat nating ipaabot sa Diyos?


Maglaan ng ilang minuto at ilista ang iyong mga kahilingan sa ibaba. Kung ang iyong mga kahilingan ay "tiyakan", malalaman mo kung Kanya nang sinagot ang mga iyon.

| PETSA | MGA KAHILINGAN | PETSA | MGA KASAGUTAN |
|---|---|---|---|
| | | | |

## PALAGIANG PANALANGIN

Ang PANALANGIN ay magiging kasiya-siya kung isusulat mo ang iyong mga kahilingan sa araw-araw sa isang kuwaderno (o notebook). Ito ay magiging permanenteng talaan ng iyong mga kahilingan. (Tinatawag ng iba ito na "Prayer Diary" sa wikang Ingles).

Magiging kawiling wiling balik-balikan ang mga nakatalang kahilingan sapagkat sa pamamagitan nito ay ginagamit ng Diyos sa pagsagot sa iyong mga panalangin.



# MGA KASAGUTAN:

## PAGSAMBA'T PAGPUPURI SA DIYOS

1. Sa Awit 95:6, tayo ay sinasabing lumapit at sumamba (at magbigay-galang sa Diyos).
2. Kailangan nating sumamba sa Diyos dahil sa Siya ang ating Diyos at tayo ay kalinga Niyang hirang.
3. Sapagkat ang Diyos ay mabuti at taglay Niya ay kabaitan.
4. Kabilang sa mga katangian ng Diyos ang kadakilaan, kapangyarihan, karangalan at pagtatagumpay.

## PASALAMATAN ANG DIYOS SA LAHAT NG BAGAY

1. Dapat tayong magpasalamat sa Diyos.
2. Dapat nating ipagpasalamat ang lahat ng bagay o lahat ng pangyayari sa ating buhay.
3. Sapagkat sa lahat ng bagay ang Diyos ay gumagawa para sa ating ikabubuti.

## AMININ (IPAHAYAG) ANG MGA NAGAWANG KASALANAN

1. Hindi pakikinggan o diringgin ng Panginoon ang ating mga panalangin.
2. Kung ating ipapahayag o aaminin ang ating mga kasalanana, patatawarin at lilinisin tayo ng Diyos sa lahat ng ating kasamaan.

## MGA MITHIIN O KAHILINGAN

1. Sapagkat hindi sila humihingi o humiling sa Diyos.
2. Ibibigay Niya ang ating mga kahilingan.
3. Dapat nating ipaabot sa Diyos ang ating mga panalangin para sa lahat ng tao.

A caring community passionate about
connecting people to Jesus Christ